DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100
RELEASED
BY: NAME/SIGNATURE DATE: 6/22/15

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog 7100

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 107 s. 2015

Sa mga: Punongguro Ng Mga Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **MGA GAWAIN SA BUWAN NG WIKA 2015** (Baitang 7-10)

Petsa: Hunyo 22, 2015

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan Ng Wika tuwing Agosto, ang Sangay Ng Zamboanga Del Norte ay makiisa sa mga Gawain sa Buwan Ng Wika 2015. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ipaalam lamang sa mga kasunod na Memorandum.

2. Habang inaantay pa ang paglabas ng Memorandum Pangkagawaran para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2015 ay nais lamang muna na ipalaganap ang Memorandum Pansangay na ito para sa kabatiran at mga kaukulang paghahanda ng mga mag-aaral, mga tagasanay at ng mga pamuno/mangunguna sa mga paligsahang isasagawa sa naturang pagdiriwang.

3. Ang pangkongresyunal na paligsahan ng tatlong distrito ay magkakasabay na isasagawa sa Agosto 20, 2015 sa mga paaralang banggit sa ibaba:

**CD 1 -** Silawe National High School - c/o Gng. Brigida Cabilin
**CD 2 –**Ponot National High School – c/o Gng. Trinidad Salasayo
**CD 3 –** Bacungan National High School –c/o Dr. Arnold Dinglasa

4. Ang Pansangay na paligsahan hinggil dito ay gagawin sa Agosto 28, 2015 na magsimula sa ikawalo ng umaga. Ang panalo ng unang puwesto sa pangkongresyunal na paligsahan ang lalahok dito. Kasunod na lamang na ipaalam ang lugar ng pagdausan.

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga Kategorya at Pamantayan sa Paligsahan para sa Baitang 7 hanggang Baitang 10. Wala ng paligsahan para sa Filipino na kasabay ng Communication Arts Festival dahil lahat nito ay isasagawa na sa buwan ng Agosto, 2015.

6. Ang pamasahe ng kalahok at tagasanay mula sa pinanggalingan at pabalik ay dapat manggaling sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa napagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 107, s. 2015

I. **Mga Kategorya ng Paligsahan Sa Buwan ng Wika 2015 (Baitang 7-10)**

a. Malikhaing Pagsulat (isang kalahok) at Paligsahan sa Pag-awit – (Awiting Filipino) (isang kalahok)

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral ng Baitang 7 o Baitang 8

b. Informance (apat na kalahok) at Balagtasan (8-10 minuto)- tatlong kalahok

- Bukas ang paligsahan para sa mga mag-aaral ng Baitang 9 o Baitang 10

## II. Mga Panuntunan at Pamantayan sa Paghatol ng Paligsahan

### A. MALIKHAING PAGSULAT

1. **Panuntunan**

- Ang tema at ang uri ng akdang susulatin ay ibibigay sa araw ng paligsahan
- Ang malikhaing pagsulat ay tatagal ng dalawang (2) oras

2. **Pamantayan**

- Orihinalidad **(40%)**
- Organisasyon **(35%)**
  - -kasasalaminan ng kulturang/pagpapahalagang Pilipino
  - -may panimula, gitna at pangwakas na bahagi
  - -may kakaibang estilo
- Mekaniks **(25%)**
- Gumamit ng wastong bantas
- Gumamit ng wastong salita

### B. BALAGTASAN

1. **Panuntunan**

- Ang pangkat ang inaasahang susulat ng kanilang piyesa na tatalakay sa itatakdang piyesa:

**"Nakatutulong ba ang Makabagong Teknolohiya sa Pagtataas ng Kalidad ng Edukasyon?"**

Ang bawat pangkat ay dapat magdala ng tatlong kopya (3) ng kanilang piyesa sa araw ng paligsahan.

- Bawat piyesa ay bubuuin ng tigtatatlong tindig (bukod pa rito ang panimula at pagtatapos ng lakandiwa). Susulatin ito ayon sa mga kumbensyon ng tradisyonal na tula. (may sukat at tugma).
- Ang piyesa at pagtatanghal ay inaasahang sumusunod sa ganitong daloy:
  - a. Pagsisimula ng lakandiwa
  - b. Unang tindig ng mambabalagtas 1
  - c. Unang tugon ng mambabalagtas 2
  - d. Ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
  - e. Ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
  - f. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
  - g. Ikatlong tugon ng mambabalagtas 2
  - h. Rebuttal ng mambabalagtas 1
  - i. Rebuttal ng mambabalagtas 2
  - j. Pagtatapos ng lakandiwa
- Maaring lumihis ng kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng maikling pagsingit ng lakandiwa at iba pang kaugnay na dagdag sa sangkap, subalit kailangang hindi ito makasira sa nabanggit na daloy.
- Bawat pangkat ay mayroong 8-10 minuto para sa pagtatanghal.

2. **Pamantayan (Balagtasan)**

2.1)Piyesa - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 60%

a. Paglinang ng paksa - - -----30%

b. Pagtatagpo ng katwiran-------15%

c. Kahusayan ng mga katwiran-15%

2.2)Pagbigkas- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 40%

a. Linaw sa pagbigkas- - - - -15%

b.Tindig sa entablado - - - - - - -15%

c.Kasuotan - - - - - - - - - - - - - - -10%

**C. INFORMANCE (Giving Information through performance)**
**Epiko mula sa Saling-Akdang Pampanitikang Asyano**

- **Ang bawat pangkat ng kalahok ay binubuo ng apat na kasapi/mag-aaral at isang tagasanay.**

1. **Panuntunan**
   - Ang piyesa ay mula sa Epiko ng Panitikang Asyano
   - Ang piyesa ng Epikong itatanghal ay bahagi lamang ng Epikong Mahabharata ng India
   - Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa labinlimang (15) minuto at hindi lalampas sa dalawampung (20) minuto.

2. **Pamantayan**

**2.1)Iskrip** - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - **30%**

a. Orihinalidad - - - - - - - - - - - - - - - 10%

b. Kaangkupan sa tema - - - - - - - - - - - - -10%

c. Taglay ang mga elemento ng isang iskrip -10%

**2.2)Pagtatanghal** - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - **70%**

a. Kasuotan at kagamitan (props) - - - - - - - - - - - - - - - -15%

b. Naglalahad ng kultura ng bansang pinanggalingan ng Epiko-15%

c. Kilos o galaw ng mga tauhan - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -15%

d. Tinig - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 15%

e. Dating sa mga manonood - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -10%

**D. PALIGSAHAN SA PAG-AWIT –(Awiting Filipino) Minus One**

1. Ang bawat seksyon ng nasabing antas ay pipili ng isang kinatawan na magsisilbing kalahok.
2. Malayang makapipili ang bawat kalahok ng isang awiting Filipino na magpapaalala ng ating pagka-Filipino.
3. Ang bawat kalahok ay inaasahang maghanda ng kani-kanilang minus one tape o cd.
4. Inaasahan na ang lahat ng mga kalahok ay maghahanda ng kanilang kasuotang angkop sa kanilang napiling awitin.
5. Ipinapaalala na ang pasya o hatol ng lupon ng inampalan ay pinal at di -maipaghahabol o mababago.

**Pamantayan para sa Paghuhusga:**

Tonal/Voice Quality ---------------- **35%**

Diction ---------------- **15%**

Costume ---------------- **5%**

Choice of Song ---------------- **15%**

Timing ---------------- **30%**